



Para sa mga hindi nag-iisang magulang na sambahayan (na natanggap na ang kasalukuyang benepisyo ng ito)

Impormasyon sa espesyal na benepisyo para sa suporta ng buhay ng mga sambahayang nagpapalaki ng bata

**Ang pagbibigay ng bagong benepisyo,**  
para sa mga sambahayang nagpapalaki ng bata ay isasagawa!

## 1. Ang mga tinutugunan na mabigyan

Ang mga tumatama sa parehong ① at ② (\* Maliban sa mga tumanggap na ng mga benepisyo para sa mga sambahayang nag-iisa ang magulang)

① Mula noong ika-21 ng Marso taong 2021  
Mga magulang, atbp, na nagpapalaki ng **batang wala pang 18 taong gulang** (**wala pang 20 taong gulang** kapag may kapansanan)

(\* Ang mga bagong silang na sanggol, atbp, na ipinanganak hanggang katapusan ng Pebrero taong 2022 ay tinutugunan din.)

②

- Mga taong **walang bayad ang residence tax (batay sa “per capita”)** para sa piskal na taong 2021 o kaya naman
- Mga taong biglang nagbago ang kita mula unang araw ng Enero taong 2021, at naging kitang **katumbas ng walang bayad ang residence tax**

## 2. Halaga ng ibibigay

Parehong takdanghalaga na **50,000 yen** bawat bata

■ Maaaring **kinakailangan** o **hindi kinakailangan** ang aplikasyon upang mabigyan. Tiyak na tingnan ang pamamaraan upang mabigyan sa likuran.

\*Para sa mga katanungan, tumawag lamang sa ibaba.

■ Call Center ng Ministry of Health, Labour and Welfare

**0120-811-166** (Tanggapang oras: 9:00 ~ 18:00 karaniwang araw ng trabaho)

Para sa mga detalye kung paano mag-aplay, magtanong lamang sa [namamahalang tanggapan sa espesyal na benepisyo para sa suporta ng buhay ng mga sambahayang nagpapalaki ng bata (maliban sa mga sambahayang nag-iisang magulang)] sa inyong munisipyo.

## 3. Pamamaraan upang mabigyan ng benepisyo

I. Ang mga tumanggap ng allowance para sa bata o espesyal na allowance sa pagpapalaki ng bata para sa Abril ng taong 2021 na walang bayad ang residence tax

- ▶ Matatanggap ang benepisyo na **hindi kailangang mag-aplay**.
- ▶ Ipapadala ito ng bawat munisipalidad sa lalong madaling panahon sa account na pinadalhan ng allowance para sa bata o espesyal na allowance sa pagpapalaki ng bata para sa Abril ng taong 2021.


### 【Pag-ingatan lamang】

\*Kapag hindi nais na makatanggap ng benepisyo, ibalik lamang ang form ng notipikasyon sa pagtanggap ng pagtanggap.

\*Kapag may duda na maysagabal sa pagpadala ng benepisyo, tulad ng pagkansela ng account na ginagamit para sa pagtanggap ng allowance para sa bata o espesyal na allowance sa pagpapalaki ng bata, isagawa ang pamamaraan tulad ng pagbabago ng itinalagang account.

II. Iba pang mga tao maliban sa nakasulat sa itaas (Hal: Mga taong nagpapalaki ng batang nasa senior high school lamang, mga taong biglang nagbago ang kita)

- ▶ **Kailangang mag-aplay** upang matanggap ang benepisyo.
- ▶ Punan lamang ang account na padadalhan, atbp, sa application form at ipasa ito kasama ang mga kinakailangang dokumento nang **direkta** o sa **pamamagitan ng koreo** sa **namamahalang tanggapan** sa munisipyo ng inyong munisipalidad.
- ▶ Para sa mga nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagbibigay ng benepisyo, kumpirmahin ang mga detalye ng aplikasyon at ipapadala ito sa itinalagang account.



Sa [espesyal na benepisyo para sa suporta ng buhay ng mga sambahayang nagpapalaki ng bata]

Mag-ingat lamang sa mga **“madayang pagpapadala”** at **“panloloko sa personal na impormasyon”**.

Kapag nakatanggap ng isang kahina-hinalang tawag o koreo sa inyong bahay o pinapasukan na galing daw sa (tauhan ng) prefecture o munisipalidad, o Ministry of Health, Labour and Welfare, tumawag lamang sa munisipyo ng inyong tinitirahang munisipalidad o sa pinakamalapit na istasyon ng pulisiya, o sa teleponong itinalaga ng pulisiya para sa mga konsulta (# 9110).